## Chapter 8

Mikaya's POV

Umalis ako ng party ng walang paalam. Pagdating sa bahay I just texted my Mom na medyo masama ang pakiramdam ko kaya nauna na akong umuwi. Ano bang nagustuhan ni Justine sa kanya, ugali pa lang basura na. O baka naman sa akin lang siya ganun dahil ex-girlfriend ako ni Justine.

She really did well, dahil nasaktan talaga ako sa mga sinabi niya but that's the first and last time na gagawin niya yun sa akin. I will never allow her to do that again. Kung ako lang ang masusunod, kahit ngayon kayang kaya kong umuwi ng probinsiya just to prove her na hindi ako nandito para kay Justine. Pero iniisip ko ang mararamdaman ng anak ko lalo na ngayon at naging malapit na ang loob niya sa magulang ko.

"Mommy, why are you crying?"

Nagulat ako ng makita kong gising si Sky at nakitang umiiyak ako.

"No, I'm not I just got something in my eyes. You can sleep again na."

Pagkatapos ay inayos ko siya ng higa at tinabihan hanggang sa makatulog siyang muli. My son is a smart child, minsan nga tinatanong niya sa akin kung nasaan ba raw ang Daddy niya. I just keep saying that he's working abroad. Pero alam ko sa sarili ko na darating yung araw na maiintindihan niya lahat. Natatakot ako na wala akong maisasagot sa kanya sakaling magtanong siya ulit.

Kinabukasan.

I decided to bring Sky sa mall, nangako kasi akong bibilhan ko siya

ng maraming toys noong nakaraang araw at ngayon araw niya naalala na sinabi ko yun. So I have no choice, gusto ko din namang iispoil ang anak ko kahit minsan. He deserve all of that.

Pagdating sa mall ay kumain muna kami, he requested chicken nuggets dahil favorite niya iyun. After naming kumain ay pumunta na kami sa toystore grabe ang daming niyang pinili at ang hindi mawawala ay ang kotse kotsehan na lagi niyang pinabibili sa akin.

Habang naglalakad kami sa loob ng mall ay may nakita siyang ice cream stall at dahil favorite niya yun. Gusto niyang magpabili pero hindi ako pumayag dahil last time ilang araw na masakit ang ngipin niya dahil sa ice cream na pasalubong ni kuya Mandy.

"Mommy I want an ice cream, ice cream."

Nakangiting sambit niya habang itinuturo ang ice cream stall pero umiiling ako.

"No. Diba sabi ko bawal muna ang sweets. Sasakit na naman ang ngipin mo."

Sagot ko sa kanya, agad naman siyang sumimangot at akmang iiyak.

Maya maya pa ay umiyak na siya, kaya naman pinagtitinginan kami ng mga taong dumadaan. Agad ko siyang binuhat at inilayo sa ice cream stall na yun. Hindi kasi ako mapakali kapag sumasakit ang ngipin niya, takot pa naman siya sa dentista.

"No... Mommy I want an ice cream."

Sigaw niya. Nakakahiya dahil nakakaagaw ng atnesyon ang pag-iyak niya. Hayssst. Bakait ba kasi dito kami dumaan?

"Sky listen to Mommy okay? You can't have ice cream today. So stop

crying na."

Pagpapatigil ko sa kanya, mabuti na lang at nakinig siya. Tumigil na ito sa pag-iyak at yumakap sa akin. My baby is getting heavier. Wala pang 10 minutes ko siyang buhat buhat ay sumasakit na agad ang kamay ko. At dahil mukhang inaantok siya ay bumalik na kami ni Aling Myrna sa parking lot kung nasaan ang aming sasakyan. Nakalimutan kong kailangan ko nga palang magrocery ng mga gamit ni Sky, kaya naman pinabantayan ko muna sa kanya si Sky at bumalik sa Department Store.

After an hour ay natapos din akong maggrocery. I just got the things that we really need. Mabuti na lang at hindi mahaba ang pila sa counter kaya mabilis lang din ako. Bago tuluyang bumaba ay pumasok ako sa isang store ng kid's wear, pumili ako ng mga shirts kor Sky, lumalaki na kasi ang anak ko at medyo masisikip na ang mga damit niya. Pagkatapos kong mamili ay agad din akong bumaba at dumiretso sa parking area kung nasaan ang aming sasakyan.

Pagdating sa sasakyan ay agad kong nilagay sa backseat ang mga pinamili ko. Nasa labas si kuya Noel ang driver namin at palinga linga.

"Kuya si Aling Myrna po at si Sky nasaan?"

Tanong ko sa kanya.

"Nako Ma'am pumasok po ulit sa loob, hinahanap po kasi kayo ni Sky kanina ng magising."

"Ah ganun ba sige salamat, balikan ko lang sila sa loob."

Ng makabalik ako sa loob ng mall ay agad kong tinawagan si Aling Myrna, hindi niya sinasagot saan kaya nagpunta ang dalawang yun? Patuloy lang ako sa paglalakad ng makatanggap ng tawag mula kay

+20 BONUS



Aling Myrna.

"Ma'am sorry po."

Sambit nito sa kabilang linya.

"Why are you saying sorry, anong nangyari? Teka nasan ka ba?"

Pagkatapos ay tinawag niya ako mula sa likuran, nasa likuran ko lang pala siya.

"Anong nangyari? Nasaan si SkY?"

Naguguluhang tanong ko sa kanya dahil hindi niya kasama ang anak ko.

"Ma'am nawawala po si Sky."

"Ano?"

Gulat kong tanong sa kanya.

"Saan? Paano nangyari?"

Sunod sunod na tanong ko sa kanya habang natataranta. Baka kung saan na napunta yung anak ko.

"Eh kasi Ma'am nagpumilit siyang sumunod sa inyo. Tapos pagpasok namin ng mall kanina, naiihi ako. Ang sabi ko maupo lang siya saglit dyan tapos pagbalik ko wala na siya. Hindi ko po alam kung saan siya nagpunta. Sorry po talaga Ma'am."

"Hanapin na  natin siya, okey? Sigurado ako nandyan lang siya paligid. "

"Sige po Ma'am."



**Commented [Ma1]:**

+20 BONUS



Habang naglalakad ako ay hindi mawala sa isip ko ang pag-aalala. Sky, my baby nasaan ka na ba? Lakad takbo na ng ang ginagawa ko. Naiiyak na ako habang hinahanap siya. Iniisip ko kung saan siya pwedeng magpunta at pumasok sa isip ko ang isa sa mga toy store na nadaanan namin ng pumunta kami dito last time kasama sina kuya Mandy. Dali dali akong naglakad at hinanap ang store na yun. Agad akong pumasok sa loob and there he is, nakatingin sa mga kotseng laruan at may kausap na lalaki.

Agad akong lumapit sa kanya habang umiiyak.

"Sky anak, nandito ka lang pala. Pinag-alala mo si Mommy wag mo na ulit gagawin yun ha."

Pagkatapos ay hinalikan ko siya at niyakap.

"I'm sorry."

Maikling sagot niya sa akin habang yakap ko.

"Okey, just don't do that again, okey."

Ng kalasin ko ang pagkakayakap sa kanya ay agad ko siyang tiningnan sa mata. I know he want something, kaya nga siya napunta dito eh.

"You want anything? Just choose okey, Mommy will buy them for you."

"No, it's okey Mommy. Mr brown eyes already buy me a toy."

He said while pointing his finger to the man behind me. Nagulat ako ng tumingin siya sa akin, he's familiar. Siya yung lalaking nakabangga sa akin sa mall sa probinsiya. Yes, siya nga yun. Hindi ako pwedeng

magkamali. Lumapit siya sa anak ko at titig na titig siya dito. Siguro kahit siya ay napapansin ang similarities nilang dalawa.

"Is she your Mom?"

Tanong nito sa anak ko.

"Yes, she is."

Masiglang sagot ni Sky sa kanya, na para bang close sila, kahit na ngayon lang naman sila nagkausap. Tumango naman ang lalaki pagkatapos ay ngumiti.

"So, you have a son Mikaya."

Nagulat ako ng banggitin niya ang pangalan ko. Bakit kilala niya ako? Maybe siya yung lalaking nakasama ko sa hotel, ang ama ng anak ko.

"Mauuna na kami, salamat."

Pagkatapos ay agad kong binuhat si Sky at naglakad palabas ng store na yun bago pa man niya maisip na posibleng anak niya si Sky dahil sa pagkakahawig nilang dalawa.

Comments Support